


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 7: Pagtatakda ng Career Plan



**Edukasyon sa Pagaparkatao – Ikapitong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 7: Pagtatakda ng Career Plan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtatakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Pamela M. Luha

Editor: Florenil M. Malabayabas

Tagasuri: Annabelle M. Marmol, Mariam B. Rivamonte, Nestor T. Rualo

Tagaguhit: Gerardo G. Lacdao, Amador M. Leaño Jr.

Tagalapat: Pamela M. Luha, Magnolia M. Mabulo-Delos Santos

Tagapamahala: Benjamin D. Paragas, Mariflor B. Musa, Freddie Rey R. Ramirez,
Danilo C. Padilla, Annabelle M. Marmol, Lany M. Semilla, Mariam B. Rivamonte,
Nestor T. Rualo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region

Office Address: Meralco Ave., cor. St. Paul Road, Pasig, City

Telefax: 02-8631-4070

E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

7

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 7:
Pagtatakda ng Career Plan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga magaaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong ulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ano ang iyong binabalak na gawin pagkatapos ng Junior High School? Ng Senior High School? Binabalak mo bang mag-aral sa kolehiyo? Nais mo bang magnegosyo? Magtrabaho? Anuman ang iyong pina-plano sa hinaharap, isa sa pinakamabuting hakbang na iyong gagawin ay ang magtapos ng pag-aaral nang sa gayon ay magkaroon ka ng pagkakataon na makakuha ng maayos na hanapbuhay o makapagpundar ng iyong sariling negosyo.

Sa modyul na ito ay iyong mababatid ang kahalagahan ng pagtatapos ng pag-aaral. Bilang isang mag-aaral, kasapi ng pamilya at ng iyong komunidad, nararapat na iyong isinasaisip at isinapuso ang maitaguyod ang iyong sarili na makapagtapos ng pag-aaral at magkaroon ng makabuluhan, maligaya at maayos na buhay.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

1. Nakikilala na ang mga pangarap ang batayan ng mga pagpupunyagi tungo sa makabuluhan at maligayang buhay sa aspetong: Pagkilala sa (a) mga kahalagahan ng pag-aaral bilang paghahanda sa pagnenegosyo at paghahanapbuhay at (b) mga hakbang sa paggawa ng Career Plan.

a. Nasusuri ang kahalagahan ng pag-aaral bilang paghahanda sa paghahanapbuhay o pagtatayo ng negosyo.

b. Naiisa- isa ang mga hakbang sa paggawa ng Career Plan bilang paghahanda sa pagnenegosyo at paghahanapbuhay.



Subukin

Panuto: Bago tayo magpatuloy sa modyul na ito ay maari mo munang sagutin ang sumusunod na katanungan. Piliin lamang ang titik ng iyong sagot at isulat sa iyong kuwaderno.

1. Tumutukoy ito sa isang gawain na ang pangunahing layunin ay kumita at mapalago ang puhunang salapi.
 - A. Pag-aaral
 - B. Pagnenegosyo
 - C. Pagpapahalaga
 - D. Pakikipag-ugnayan
2. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng kahalagahan ng pag-aaral kaugnay sa pagnenegosyo?
 - A. Makatutulong ang pag-aaral upang mapaunlad ang negosyo.
 - B. Makapagbibigay ang pag-aaral ng sapat na kaalaman sa pagnenegosyo.
 - C. Makatutulong ang pag-aaral upang mapaunlad pa ang nasimulang negosyo.
 - D. Lahat ng nabanggit.
3. Sa mga sumusunod, sino sa iyong palagay ang magtatagumpay sa pagnenegosyo?
 - A. Si Rico na nakapagtapos ng kolehiyo ngunit hindi ginamit ang kanyang kursong natapos.
 - B. Si Elaine na nakatapos ng kursong Business Management at kasalukuyang nagmamay-ari ng isang restawran.
 - C. Si Madrid na kasosyo sa isang bagong bukas na hardware store subalit walang sapat na kaalaman dito pero pilit na inaaral ang pag-nenegosyo.
 - D. Si Raquel na matalino ngunit hindi nakapag-aral bunga ng kaniyang kapansanan.
4. Alin sa mga sumusunod ang wastong paglalarawan sa *career plan*?
 - A. Ito ay ang pag-iisip kung ano ang iyong magiging trabaho sa hinaharap.
 - B. Ito ay ang masusing pagpapalano ng iyong magiging hanapbuhay sa hinaharap.
 - C. Ito ay ang pagsunod sa plano ng iyong mga magulang patungkol sa iyong magiging hanapbuhay sa hinaharap.
 - D. Ito ay ang masusing pagpapalano ng iyong magiging hanapbuhay sa hinaharap na may pagsasaalang-alang sa mga personal na salik sa pag-unlad.
5. Piliin mula sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa mga hakbang sa pagpapalano ng iyong karera?
 - A. Kilalanin ang iyong sarili.
 - B. Alamin ang iyong mga kasanayan.
 - C. Magtalaga ng takdang panahon sa pagkamit nito.
 - D. Makisabay sa pagpapalano ng iyong mga kaibigan.

6. Ang pahayag na “Mahalagang papel ang ginagampanan ng edukasyon sa pagtatagumpay” ay _____
- Tama, dahil lahat ng nakapagtapos ng pag-aaral ay nagtatagumpay.
 - Mali, dahil lahat ng nakapagtapos ng pag-aaral ay nagtatagumpay.
 - Tama, dahil ang edukasyon ang ating susi sa pagkakaroon ng maayos na pamumuhay.
 - Mali, dahil ang edukasyon ay para lamang sa mga nakaaangat sa buhay at hindi para sa mahihirap.
7. Piliin mula sa mga pahayag ang **pinakawastong** paglalarawan sa *career path*?
- Ito ay ang paghahanda para sa kinabukasan.
 - Ito ay ang pagsusuri kung ang mga propesyon ay tugma sa iyong minimithi.
 - Ito ay ang paghahanda para sa mga trabahong hindi pa nalilikha at teknolohiyang hindi pa naiimbento.
 - Tumutukoy sa pagsasanay, pag-aaral, posisyon, at mga paghahanda na ating pagdaraan upang matamo ang ating nais na uri ng pamumuhay o *career goal*.
8. Alin sa mga pahayag ang naglalarawan sa career planning?
- Ito ay ang masusing pagpili ng karera na iyong tatahakin sa hinaharap.
 - Ito ay ang pagsasaalang-alang ng mga interes, mga kasanayan, at mga gustong makamit sa hinaharap.
 - Ito ay ang pagpapalano ng karera na isang proseso na makatutulong at makapagbibigay-gabay sa pagpili ng karera at trabahong papasukan.
 - Lahat ng nabanggit
9. Alin sa mga sumusunod na hakbang o proseso ang unang dapat na gawin sa pagsasagawa ng career plan?
- Pagkilala sa iyong sarili
 - Pagbuo ng mga desisyon
 - Pagkilos tungo sa katuparan ng plano
 - Paghahanap ng trabahong kinagigiliwan mo
10. Tukuyin ang hakbang na kinabibilangan ng paghahambing ng iyong mga pagpipilian, pagbabawas ng iyong pagpipilian, at pag-iisip tungkol sa kung ano ang nababagay sa iyo.
- Pagkilala sa iyong sarili.
 - Pagbuo ng mga desisyon.
 - Pagkilos tungo sa katuparan ng plano
 - Paghahanap ng trabahong kinagigiliwan mo.

Aralin

7

Kahalagahan ng Pag-aaral bilang Paghahanda sa Pagnenegosyo at Paghahanapbuhay

“Ang edukasyon ang tanging yaman na kailanman ay hindi makukuha o mananakaw mula sa atin.” Marahil ay narinig mo na ang kasabihang ito mula sa iyong mga magulang. Sang-ayon ka ba rito?

Ano nga ba ang dahilan ng iyong pagpasok sa paaralan? Nag-aaral ang isang indibiduwal upang mapaghandaan ang isang magandang kinabukasan para sa ating pamilya, sa ating sarili at sa ating komunidad. Napakahalaga nito para sa iyo dahil ito ang magiging susi mo patungo sa pag-asenso ng iyong buhay; ito ang iyong sandata laban sa kahirapan; Ito rin ang makapagbibigay sa iyo ng dangal upang makilala sa lipunang iyong ginagalawan, higit sa lahat, ito ang iyong daan upang maging isang kapaki-pakinabang na mamamayan ng ating bansa.



Balikan

Gawain 1: Ako, Sampung Taon Mula Ngayon

Panuto: Sagutan nang may katapatan ang sumusunod na gawain. Ilarawan ang iyong iniisip at ninanais na mangyari sampung taon mula ngayon.

Ang Aking Trabaho

Ano - ano ang aking mga gawain? Saan ako nagtatrabaho? Ano ang kontribusyon ko sa aking pinagtatrabahuhan? Ginagamit ko ba ang aking kasanayan sa paggamit ng lakas, isip, o mga talento?

Ang Aking Natapos na Pag-aaral

Ako ba ay nagpapatuloy sa pag-aaral? Ako ba ay may karagdagang mga pagsasanay?
Natupad ko ba ang aking mithiin sa pag-aaral?

Ang Aking Gampanin sa Pamayanan

Nagagamit ko ba ang aking pinag-aralan upang makatulong sa aking kapuwa?
Paano ako nakatutulong sa pag-unlad ng aking pamayanan?



Tuklasin

Gawain 2: SUSI SA MINIMITHING PANGARAP

Basahin ang sumusunod na teksto na nagsasaad ng kahalagahan ng pag-aaral bilang paghahanda sa pagnenegosyo at paghahanapbuhay.

ANG SEKRETO NG TAGUMPAY

Bilang paghahanda sa iyong maganda at makabuluhang buhay sa hinaharap, mahalagang ngayon pa lang ay ikaw ay kumikilos na tungo sa katuparan nito. Malaking bahagi ng iyong kapalaran ang edukasyon o ang iyong pagsisikap sa pag-aaral. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng kahalagahan ng pag-aaral bilang paghahanda sa iyong mithiin sa hinaharap.

1. Matutuhan ang mga kaalaman patungkol sa pagnenegosyo at paghahanap ng trabaho. Dito ay iyong mauunawaan ang mga tamang hakbang kung paano mapauunlad ang isang negosyo
2. Matutuhan na harapin ang mga problema sa negosyo man o sa trabaho.
3. Sa pag-aaral, ang isang indibidwal ay makapag-iipon ng maraming mga kasanayan sa pamamagitan ng pormal na edukasyon- akademiko o teknikal-bokasyonal, o sa kaugnay na karanasan sa hanapbuhay.
4. Ang mga nakapag-aral ay may higit na malawak na oportunidad sa merkado at pagkakataong makatanggap ng mas mataas na pasahod.
5. Magkakaroon ang bansa ng mababang bahagdan ng kawalan ng trabaho o unemployment.

Ang pagtatayo ng negosyo maging ang pagtatrabaho sa iba't ibang kompanya ay isang malaking kompetisyon. Dito masusubok ang katatagan ng iyong loob na malampasan ang mga posibleng suliranin na iyong mararanasan.


Ang iyong pag-aaral ay isang malaking hakbang upang iyong mapagtagumpayan ang anomang magiging hadlang sa pagkamit mo ng iyong mga mithiin.

Panuto: Sagutin ang sumusunod na pamprosesong tanong batay sa binasang teksto.

Pamprosesong Tanong:

1. May kaugnayan ba ang edukasyon sa iyong pagpapalano o paghahanda sa pagnenegosyo o paghahanapbuhay? Ipaliwanag.

2. Gamit ang isang *graphic organizer*, ipakita ang kahalagahan ng pag-aaral o edukasyon sa paghahanda sa pagnenegosyo o hanapbuhay.



3. Sang-ayon ka ba na mas malaki ang oportunidad ng mga taong nakapagtapos ng pag-aaral at makatanggap ng mas mataas na pasahod kaysa sa mga hindi nakapagtapos ng pag-aaral o walang mataas na pinag-aralan? Pangatuwiran.

Gawain 3: Magsaliksik!

Magsaliksik sa internet ng mga kilalang personalidad na nagpakita ng pagsisikap sa kanilang pag-aaral upang mapagtagumpayan ang kanilang minimithing negosyo o hanapbuhay.

Suriin: Ano ang naging mahalagang papel ng pag-aaral sa kanilang pagtatagumpay. Ipaliwanag ang iyong sagot.




Suriin


Gawain 4: Career Mo, Pagplanuhan Mo!

Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na teksto tungkol sa Career Planning. Ano ba ito at ano-ano ang mga sumusunod na hakbang sa pagsasagawa nito?



Ang *career planning* o pagpaplano ng karera ay isang proseso na makatutulong at makapagbibigay-gabay sa bawat isa sa pagpili ng karera o trabahong papasukan. Ito ay patuloy na proseso ng pag-iisip tungkol sa mga interes, mga kasanayan, at mga gustong makamit. Ito rin ay patuloy na pagtuklas sa mga pagpipilian sa buhay, trabaho, at pag-aaral na magiging kapaki-pakinabang sa bawat isa. Sa pamamagitan nito ay masisiguro natin na ang ating mga trabaho ay naaangkop sa ating personal na interes at kakayahan.

Ang *career planning* ay may apat na proseso o hakbang. Ito ay ang mga sumusunod.





Makikita sa sumusunod na dayagram ang tamang pagkakasunod- sunod ng mga hakbang sa pagsasagawa ng *career plan*. Sa ilalim nito ay isulat ang iyong kaakibat na kilos para sa bawat hakbang sa pagtupad ng iyong pangarap na karera.



Pagyamanin

Gawain 5: Suriin ang Artikulo

Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na artikulo at sagutin ang mga tanong kaugnay nito.

Ang Pangunahing Sangkap ng Tagumpay

“The key to success is to focus our conscious mind on things we desire, not things we fear.” – Brian Tracy

Sa Filipino, ito ay nangangahulugang “Ang susi sa tagumpay ay ang pagpokus ng ating isipan sa mga gusto natin, hindi sa kinatatakutan natin”.

Paano nga ba makakamit ang tagumpay? Ano-ano ang nararapat nating gawin upang makamit natin ang ating mga ninanais sa buhay? May mga

pagkakataon na ating nasasambit ang “*Gusto ko ng masayang buhay*” o “*Gusto kong yumaman*”. Magiging madali kaya para sa iyo na makamit o maisakatuparan ang ganitong layunin? Ang mga ganitong layunin sa buhay ay hindi makabubuti sapagkat ang mga ito ay walang hangganan. Kung gusto mong makamit ang iyong mga pangarap at magtagumpay sa isang bagay, kailangan mong pag-aralan ang tamang paglikha ng layunin.

Ang PICS *format* mula sa “*The Personal MBA*” ni Josh Kaufman ay nagtala ng ilang mga katangian ng isang tamang layunin. Ayon dito para makamit mo ang gusto mo sa buhay, nararapat na ang layunin mo ay:

1. Positibo (*Positive*): Ang layunin mo ay dapat isang bagay na iyong hinahangad at hindi bagay na iyong iniwasan at makakapagbigay ng lakas ng loob sa iyo para pagsikapan ito.
2. Kagyat (*Immediate*): Ang layunin mo ay dapat nagbibigay ng impormasyon sa mga bagay na pwede mong simulan sa madaling panahon.
3. Kongkreto (*Concrete*)- Ang layunin ay dapat na iyong nadarama. Ito ay patuloy na yumayabong sa iyong puso sa paglipas ng panahon.
4. Tiyak (*Specific*)- Ang layunin ay dapat na hindi nagbabago-bago. Ito ay tiyak at may iisang patutunguhan.

Sa kabuoan, ang pangunahing sangkap ng tagumpay ay ang pagkakaroon ng isang positibo, kagyat, kongkreto, at tiyak na layunin.

Mula sa artikulong binasa, sagutin ang sumusunod.

1. Bigyan ng maikling pagpapaliwanag ang pahayag “Ang susi sa tagumpay ay ang pagpokus ng ating isipan sa mga gusto natin, hindi sa kinatatakutan natin”.

2. Bakit hindi makabubuti ang paggawa ng layunin katulad ng “Gusto kong yumaman”?

3. Ano ang pangunahing hakbang para makamit ang pangarap mo sa buhay? Pangatuwiran ang iyong sagot.

4. Magtala ng ilang mga katangian ng isang mabuti at epektibong layunin o plano.



Isaisip

Ang pagkakaroon ng pangarap ay bahagi ng ating pagkatao bilang isang indibiduwal. Ito ay isa sa hindi maiaalis sa atin katulad ng edukasyon. Ang ating mga pangarap ang nagsisilbing gabay at tanglaw natin sa ating kinabukasan. Ito ang nagbibigay sa atin ng pag-asa. Pag-asa na balang araw tayo ay magiging matagumpay at magkakaroon ng maligaya at makabuluhang pamumuhay.

Laging isaisip na hindi sapat ang may pangarap lamang. Kailangan mong kumilos upang magkaroon ito ng katuparan. Hindi gagawa ang pangarap mo ng paraan upang makalapit sa iyo, ikaw ang kikiilos upang bigyan ito ng katuparan.

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng edukasyon o ng iyong pag-aaral sa pagkamit ng iyong mga pangarap. Sa pamamagitan nito, mas nagkakaroon ng kaliwanagan na makamit mo ang lahat ng iyong mga ninanais sa buhay. Gayundin ang pagkakaroon ng *career plan*. Ngayon pa lang ay iyo nang pag-isipan ang iyong gustong maging karera o hanapbuhay sa hinaharap. Ang pagnenegosyo ay isang napakagandang opsiyon para sa iyo at kinakailangan mo ng tiyak at kongkretong kakayahan para maisakatuparan ito.

Huwag matakot na sumugal sa buhay. Maging matatag sa lahat ng oras. Magplano. Wika nga ni Benjamin Franklin, *“If you fail to plan, you are planning to fail”*. Nagsasaad ito ng kahalagahan ng pagpaplano. Ang isang taong walang plano sa buhay ay siguradong mabibigo.

Bilang isang mag-aaral sa ikapitong baitang, ano ang plano mo? Para sa iyong sarili? Sa iyong pamilya? sa iyong kinabibilangang komunidad?

Ang edukasyong tinatamasa mo ngayon ay iyong pagyamanin at payabungin. Gawin mo itong sandata upang maging matagumpay at malampasan mo ang mga hamon sa iyong buhay.



Isagawa

Gawain 6: Ang Aking Plano

Gumawa ng isang talaan na nagpapakita ng iyong tiyak na layunin o plano para sa iyong hinaharap. Gamitin ang sumusunod na talahanayan.

Aspeto	Layunin/ Plano	Hakbang na Nais Gawin
Pag-aaral sa Junior High School		
Pag-aaral sa Senior High School		
Pag-aaral sa Kolehiyo		
Pagkuha ng kursong bokasyonal- teknikal		
Paghahanpbuhay		
Pagnenegosyo		
Pagkakaroon ng asawa at mga anak		
Pagreretiro		



Tayahin

Panuto: Basahin at unawain ang mga sumusunod na tanong. Piliin ang letra ng iyong sagot at isulat sa kuwaderno.

1. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng kahalagahan ng pag-aaral kaugnay sa pagnenegosyo?
 - A. Makatutulong ang pag-aaral upang mapaunlad ang negosyo.
 - B. Makapagbibigay ang pag-aaral ng sapat na kaalaman sa pagnenegosyo.
 - C. Makatutulong ang pag-aaral upang mapaunlad pa ang nasimulang negosyo.
 - D. Lahat ng nabanggit.
2. Alin sa sumusunod na hakbang o proseso ang unang dapat na gawin sa pagsasagawa ng career plan?
 - A. Pagkilala sa iyong sarili
 - B. Pagbuo ng mga desisyon
 - C. Pagkilos tungo sa katuparan ng plano
 - D. Paghahanap ng trabahong kinagigiliwan mo
3. Tukuyin ang hakbang na kinabibilangan ng paghahambing ng iyong mga pagpipilian, pagbabawas ng iyong pagpipilian, at pag-iisip tungkol sa kung ano ang nababagay sa iyo.
 - A. Pagkilala sa iyong sarili.
 - B. Pagbuo ng mga desisyon.
 - C. Pagkilos tungo sa katuparan ng plano
 - D. Paghahanap ng trabahong kinagigiliwan mo.
4. Tumutukoy ito sa isang gawain na ang pangunahing layunin ay kumita at mapalago ang puhunang salapi.
 - A. Pag-aaral
 - B. Pagnenegosyo
 - C. Pagpapahalaga
 - D. Pakikipag-ugnayan
5. Sa mga sumusunod, sino sa iyong palagay ang magtatagumpay sa pagnenegosyo?
 - A. Si Rico na nakapagtapos ng kolehiyo ngunit hindi ginamit ang kanyang kursong natapos.
 - B. Si Elaine na nakatapos ng kursong Business Management at kasalukuyang nagmamay-ari ng isang restawran.
 - C. Si Madrid na kasosyo sa isang bagong bukas na hardware store subalit walang sapat na kaalaman dito pero pilit na inaaral ang pag-nenegosyo.
 - D. Si Raquel na matalino ngunit hindi nakapag-aral bunga ng kaniyang kapansanan.

6. Alin sa sumusunod ang wastong paglalarawan sa *career plan*?
- A. Ito ay ang pag-iisip kung ano ang iyong magiging trabaho sa hinaharap.
 - B. Ito ay ang masusing pagpapalano ng iyong magiging hanapbuhay sa hinaharap.
 - C. Ito ay ang pagsunod sa plano ng iyong mga magulang patungkol sa iyong magiging hanapbuhay sa hinaharap.
 - D. Ito ay ang masusing pagpapalano ng iyong magiging hanapbuhay sa hinaharap na may pagsasaalang-alang sa mga personal na salik sa pag-unlad.
7. Piliin mula sa sumusunod ang HINDI kabilang sa mga hakbang sa pagpapalano ng iyong karera?
- A. Kilalanin ang iyong sarili
 - B. Alamin ang iyong mga kasanayan
 - C. Magtalaga ng takdang panahon sa pagkamit nito
 - D. Makisabay sa pagpapalano ng iyong mga kaibigan
8. Ang pahayag na “Mahalagang papel ang ginagampanan ng edukasyon sa pagtatagumpay” ay _____
- A. Tama, dahil lahat ng nakapagtapos ng pag-aaral ay nagtatagumpay.
 - B. Mali, dahil lahat ng nakapagtapos ng pag-aaral ay nagtatagumpay.
 - C. Tama, dahil ang edukasyon ang ating susi sa pagkakaroon ng maayos na pamumuhay.
 - D. Mali, dahil ang edukasyon ay para lamang sa mga nakaaangat sa buhay at hindi para sa mahihirap.
9. Piliin mula sa mga pahayag ang **pinakawastong** paglalarawan sa *career path*?
- A. Ito ay ang paghahanda para sa kinabukasan.
 - B. Ito ay ang pagsusuri kung ang mga propesyon ay tugma sa iyong minimithi.
 - C. Ito ay ang paghahanda para sa mga trabahong hindi pa nalilikha at teknolohiyang hindi pa naiimbento.
 - D. Tumutukoy sa pagsasanay, pag-aaral, posisyon, at mga paghahanda na ating pagdaraanang upang matamo ang ating nais na uri ng pamumuhay o *career goal*.
10. Alin sa mga pahayag ang naglalarawan sa *career planning*?
- A. Ito ay ang masusing pagpili ng karera na iyong tatahakin sa hinaharap.
 - B. Ito ay ang pagsasaalang-alang ng mga interes, mga kasanayan at mga gustong makamit sa hinaharap.
 - C. Ito ay ang pagpapalano ng karera na isang proseso na makatutulong at makapagbibigay-gabay sa pagpili ng karera at trabahong papasukan.
 - D. Lahat ng nabanggit



Karagdagang Gawain

Upang higit mong maunawaan ang kahalagahan ng pag-aaral bilang paghahanda sa pagnenegosyo at paghahanapbuhay, gayundin ang kahalagahan ng paggawa ng isang *career plan*, magsaliksik sa Internet ng mga artikulo o *journal* na nagpapakita o nagsasaad ng mga *successful stories* ng mga taong nagmula sa hirap na ngayon ay mga kinikilalang tao sa lipunan. Idikit ang makukuhang artikulo sa bond paper.

1. Mariano Que (Founder and Owner of Mercury Drug)
2. Socorro Ramos (Co-Founder of National Bookstore)
3. Tony Tan Caktiong (Founder of Jollibee)



Susi sa Pagwawasto

Tayahin

1. D
2. A
3. B
4. B
5. B
6. D
7. D
8. C
9. D
10. D

Subukin

1. B
2. D
3. B
4. D
5. D
6. C
7. D
8. D
9. A
10. B

Sanggunian

Aklat

Edukasyon sa Pagpapakatao 7, Kagamitan ng Mag-aaral (Ikalawang Bahagi), Unang Edisyon, 2012.

Internet

Ilaos, Maria. "*Halaga ng Pag-aaral sa Paghahanda Para sa Negosyo*". Retrieved from <https://www.scribd.com/doc/305833024/Halaga-Ng-Pag-Aaral-Sa-Paghahanda-Para-Sa-Pagnenegosyo>

Rey, L. "*Paano Gumawa ng Layunin sa Buhay: Ang Pangunahing Sangkap ng Tagumpay*". Retrieved from <https://yourwealthymind.com/set-goals-tagalog/>.2016

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph